Kristiyano ay tunay na pinawalang-sala na.

Si Cristo ang nagdusa para sa ating mga kasalanan, "ang walang kasalanan para sa mga makasalanan" (1 Pedro 3:18 RTPV). Sa krus, inako at pinasan Niya sa Kanyang katawan ang lahat ng kaparusahan na dapat sana ay para sa atin. Inako Niyang lahat ang poot ng Diyos na dapat sana ay tayo ang tumanggap. Kung kaya ang tunay na Kristiyano ay tunay na pinawalang-sala na.

Sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo at kamatayan sa krus, binayaran na ni Cristo ang pagkakautang ng isang Kristiyano. Ang Diyos ay makatarungan; hindi na Niya muling sisingilin pa ang pagkakautang na nabayaran na. Kung kaya ang tunay na Kristiyano ay tunay na pinawalang-sala na.

Sa madaling salita, nabuhay si Cristo para sa tunay na Kristiyano. Namatay si Cristo para sa kanya. Pumaroon sa libilingan si Cristo para sa kanya. At nabuhay na muli si Cristo para din sa kanya. Umakyat sa langit si Cristo upang doon ay manalangin at mamagitan para sa bawat Kristiyano. Ang lahat ng dapat gawin ay ginawa ni Cristo, binayaran Niyang lahat, at pinagdusahan Niya ang lahat upang mabayaran ang lahat ng kasalanan ng bawat sasampalataya sa Kanya. At dito nagmumula ang kapatawaran at pagpapawalang-sala sa isang Kristiyano—dito nag-uugat ang kanyang kapayapaan. Kung sa kanyang sarili lamang ay walang maipagmamalaki ang isang tao, subalit kay Cristo ay masusumpungan at matatagpuan niya ang lahat ng pangangailangan ng kanyang kaluluwa.

(hango mula kay Dr. J.C. RYLE)

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Iyong kapatawaran. Naniniwala po ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Handa po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus sa aking puso at buhay upang maging sarili kong Tagapagligtas. Handa rin ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL
POST OFFICE

Paano Matatagpuan ang Kapayapaan

Paano Matatagpuan ang Kapayapaan

Totoong mayroong "kapayapaan sa piling ng Diyos." At totoong maaari mo itong matagpuan at maranasan. Ang hangad ng puso ko at ang aking dalangin ay ang masabi mo rin, tulad ni Apostol Pablo na, *"Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo"* (Roma 5:1 RTPV).

Ang kapayapaang ito sa piling ng Diyos ay isang makabuluhan at may kapanatagan na pakikipagkaibigan sa Diyos na Siyang Panginoon ng langit at lupa. Sa taong may ganitong kapayapaan, walang hadlang na namamagitan sa kanila ng kanyang Banal na Manlilikha. Alam niya na kahit nakikita ng Diyos ang lahat ng kanyang ginagawa, wala siyang mararamdamang takot. Maaari din siyang makatiyak na habang pinagmamasdan siya ng Diyos, hindi nagagalit sa kanya ang Diyos.

Alam din ng taong ito na darating ang kamatayan sa kanya, ngunit hindi siya nag-aalala o nababahala. Maaari siyang lumusong sa ilog na napakalamig—ipikit ang kanyang mga mata at talikuran ang lahat ng kanyang ari-arian dito sa lupa—humayo sa isang lugar na walang pang sinuman ang lubos na nakakaalam, at duo'y manatili nang may ganap na kapayapaan.

Ang ganitong tao ay maaaring harapin ang pagdating ng muling pagkabuhay at ang paghuhukom nang walang takot at nang hindi nababahala. Kanya nang naaaninag sa kanyang isipan ang Dakilang Puting Trono — ang tinipong sanlibutan, ang nakabukas na mga aklat, ang mga nagmamatyag na mga anghel, at ang Taga-Hukom—habang ganap na kapayapaan ang kanyang nararamdaman. Ang ganitong tao ay maaaring isipin ang magpakailanman nang walang pagkabahala at takot. Sa halip na mabahala, kanyang kasasabikan sa kanyang isipan ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos at ng Kordero — isang walang hanggang pakikipagniig at puno ng kagalakan sa piling ng Diyos – habang nakadarama siya ng ganap na kapayapaan.

Ang kawalan ng ganitong uri ng kapayapaan at kapanatagan ang dahilan kung bakit marami sa mga tao ang walang tunay na kagalakan. Libu-libong tao ang nagmamay-ari ng iba't ibang bagay na inaakala nilang magbibigay sa kanila ng kasayahan, ngunit kailanman ay hindi sila lubos na nasisiyahan. Ang kanilang puso ay laging may hinahanap. Parating may kulang at nararamdaman nila na walang laman ang kanilang puso at pagkatao. At ano nga kaya ang dahilan nito? Tama, wala silang kapayapaan mula sa Diyos.

Ang kapayapaan na mayroon ang isang tunay na Kristiyano ay hindi isang kathang-isip lamang o mababaw na damdamin o karanasan na walang matibay na pundasyon. Mayroon siyang maipapakitang dahilan at matibay na batayan sa kanyang damdamin at karanasan. Mayroon siyang mapayapang pakikipag-ugnayan sa Diyos sapagkat siya'y pinawalang-sala na. Siya ay pinawalang-sala na at pinatawad na sa kanyang mga kasalanan. Gaano man karami o kalaki ang mga nagawa niyang kasalanan, ang mga ito ay binura na, nilinis, at pinatawad nang lahat. Tinanggal na ng Diyos ang mga ito mula sa "aklat ng Kanyang mga alaala". Itinapon na ang mga ito sa kaila-ilaliman ng karagatan. Iwinaksi na ang lahat ng ito sa likuran ng Diyos. Hanapin man ang mga ito ay hindi na sila matatagpuan. Hindi na sila kailanman pa maaalalang muli. "Kahit na kayo'y maruming-marumi sa kasalanan, Kayo'y magiging busilak sa kaputian" (Isaias 1:18 RTPV). Kung kaya ang taong pinatawad at pinawalang-sala ay mayroon nang kapayapaan.

Hayaan mong ipakita ko sa iyo ang ***bato*** kung saan bumubukal ang kapatawaran at kapayapaan sa piling ng Diyos. Ang batong iyan ay si Cristo. Tumayo si Cristo sa lugar ng bawat Kristiyano. Siya ang ating naging Kapalit at Kabayaran para sa ating mga kasalanan. Pinasan Niyang lahat ang dapat pasanin, ginampanan Niya ang lahat ng dapat gawin, at lahat ng Kanyang inako ay Kanyang ginawa at tinapos. Kung kaya ang tunay na

"Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya, mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (Roma 5:1)